

Allowance o Panggastos para sa Pagtanda (Old Age Living Allowance)

Awtomatikong Paglilipat (Automatic Conversion)/ Pagsusumite sa Koreo (Postal Submission)/ Mga Pamamaraan para sa Bagong Aplikasyon (New Application Arrangements)

Panimula

Ang Tanggapan para sa Kapakanang Panlipunan (*Social Welfare Department - SWD*) ay maglulunsad ng isang *Allowance* o Pangastos para sa Pagtanda (*Old Age Living Allowance - OALA*) sa ilalim ng Sistemang *Allowance* o Pangastos para sa Seguridad Panlipunan (*Social Security Allowance Scheme*) na magsisimula sa Abril 2013. Naglalayon ito na magkaloob ng *allowance* o pangastos na *cash* o pera sa halagang \$2,200 kada buwan bilang isang karagdagang uri ng tulong pinansiyal para sa mga nangangailangang residente ng Hong Kong na edad 65 pataas upang madagdagan ang pangastos nila para sa kanilang pamumuhay.

Awtomatikong Paglilipat/Pagsusumite sa Koreo/Mga Pamamaraan para sa Bagong Aplikasyon

Ang iba't-ibang uri ng mga matatandang mamamayan ay maaaring tumanggap ng OALA sa pamamagitan ng iba't-ibang mga pamamaraan:

<p>Bahagi 1 – Awtomatikong Paglilipat</p>	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Ang mga matatandang mamamayan na edad 65-69 na kasalukuyang tumatanggap ng Normal na <i>Allowance</i> o Pangastos para sa Pagtanda (<i>Normal Old Age Allowance - OAA</i>), o ang mga matatanda na edad 70 pataas na kasalukuyang tumatanggap ng Mas Mataas na OAA (<i>Higher OAA</i>) at tumatanggap ng Normal na OAA sa pagitan ng edad 65 hanggang 69 ✚ Magbibigay ang SWD sa kanila ng isang berdeng sulat-pabatid sa ika-25 ng Pebrero 2013, at ilalaki dito ang <i>Old Age Living Allowance Reply Slip (Papeles na Gagamitin sa Pagtugon sa Sulat ukol sa Allowance o Pangastos para sa Pamumuhay sa Pagtanda)</i> upang ipaalam sa kanila ang tungkol sa pamamaraang awtomatikong paglilipat. ✚ Ang mga tao na pipiliing lumipat sa OALA at mayroong kita, at may mga ari-arian na hindi lalampas sa mga itinakdang hangganan (tingnan po ang pahina 3 para sa mga detalye) ay hindi na kailangang tumugon pa, at hindi rin nila kailangang magsagawa ng mga hiwalay na aplikasyon. Awtomatiko silang mapapalipat upang tumanggap ng OALA, at ang bayad ay idadagdag sa kanilang itinalagang mga <i>account</i> sa bangko na kasalukuyang ginagamit sa pagtanggap ng bayad sa Abril 2013. ✚ Ang mga tao na ang pipiliin ay ang hindi paglipat sa OALA o mayroong kita at/o may ari-arian na lumampas sa mga itinalagang hangganan ay kailangang kumpletuhin ang <i>Old Age Living Allowance Reply Slip (Papeles na Gagamitin sa Pagtugon sa Sulat ukol sa Allowance o Pangastos para sa Pamumuhay sa Pagtanda)</i> at ibalik ito sa SWD sa, o bago sumapit ang, ika-22 ng Marso 2013.
<p>Bahagi 2 – Pagsusumite sa Koreo</p>	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Ang mga matatandang mamamayan na may edad 70 pataas na kasalukuyang tumatanggap ng Mas Mataas na OAA (<i>Higher OAA</i>) at hindi tumatanggap ng Normal na OAA sa pagitan ng edad 65 hanggang 69, o mga matatandang mamamayan na edad 65 pataas na kasalukuyang tumatanggap ng Normal na <i>Allowance</i> o Pangastos para sa Kapansanan (<i>Normal Disability Allowance - DA</i>) ✚ Magbibigay ang SWD sa kanila ng isang dilaw na sulat-pabatid sa ika-25 ng Marso 2013, at ilalaki dito ang <i>Form ng Aplikasyon para sa Pagsusumite sa Koreo (Postal Submission Application Form)</i> upang ipaalam sa kanila ang tungkol sa pamamaraan para makapagpatala sila sa OALA sa pamamagitan ng koreo. ✚ Makapagsusumite ng kanilang mga aplikasyon sa pamamagitan ng SWD ang mga taong pipiliin ang OALA sa, o bago sumapit ang ika-31 ng Disyembre 2013, at hindi na nila kailangang direktang lumapit pa sa sangay ng panlipunang seguridad (<i>social security field units</i>) para sa aplikasyon. Kapag tinanggap na ang <i>Form ng Aplikasyon para sa Pagsusumite sa Koreo (Postal Submission Application Form)</i>, susuriin ng SWD ang kanilang kwalipikasyon sa lalong madaling panahon. Para doon sa mga karapat-dapat, idadagdag ang bayad sa kanilang mga itinalagang <i>account</i> sa bangko na kasalukuyang ginagamit sa pagtanggap ng bayad para sa OAA/Normal DA.

<p>Bahagi 3 – Bagong Aplikasyon</p>	<p>➤ Ang mga matatandang mamamayan na edad 65 pataas na sa kasalukuyan ay hindi tumatanggap ng OAA o Normal na DA subalit nangangailangan ng OALA, at nakatupad sa kriteriya, kabilang na ang mga iniatas ng OALA na may kaugnayan sa paninirahan at kita at ari-arian (tingnan po ang pahina 3 para sa mga detalye)</p> <p>✚ Makapagpapatala sila para sa OALA sa pamamagitan ng <i>fax</i>, <i>e-mail</i>, sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng <i>referral</i> mula sa mga tanggapan ng pamahalaan/mga organisasyong hindi sa pamahalaan, at iba pa, o pumunta sa mga sangay ng SWD (<i>social security field units</i>) na malapit sa lugar na kanilang tinitirahan. Ang mga <i>form</i> ng aplikasyon at mga gabay na dapat tandaan ay makikita o makukuha mula sa <i>website</i> ng SWD at makukuha mula sa mga sangay ng panlipunang seguridad.</p> <p>✚ Ang SWD ay tatanggap ng mga bagong aplikasyon na may bisa mula ika-2 ng Abril 2013.</p>
--	--

Mga Dapat Tandaan

- (1) Ang pagbabayad para sa mga nagdaang dapat nang binayadan (*retrospective payment*) mula ika-1 ng Disyembre 2012 sa pinaka-maaga ay ibabayad na sa mga kwalipikadong matatandang mamamayan sa pamamagitan ng pamamaraang awtomatikong paglilipat, o para sa mga aplikasyong tinanggap sa o bago sumapit ang ika-31 ng Disyembre 2013. Para sa mga aplikasyong tinanggap pagkatapos ng ika-31 ng Disyembre 2013, ang mga karapat-dapat na aplikante ay magiging karapat-dapat lamang na tumanggap ng mga bayad mula sa OALA mula sa petsa ng pagkakarapat-dapat.
- (2) Ang mga matatandang mamamayan na edad 70 pataas na mayroong kita at/o mga ari-arian na lumampas sa mga itinakdang hangganan, o pinili na hindi na lumipat sa OALA ay makakapagpapatala/makakapagpatuloy na tumanggap ng Mas Mataas na OAA (*Higher OAA*) na \$1,135 kada buwan.

Mga Tanong

Para sa mga tanong tungkol sa OALA, tumawag po sa hotline o bisitahin ang aming *website*.

Hotline: 35950130

Website: www.swd.gov.hk/oala

Kriteriya upang maging Karapat-dapat sa OALA:

- ✚ kailangan ay edad 65 pataas;
- ✚ kailangan ay naging residente ng Hong Kong sa loob ng hindi bababa sa pitong taon at nakapanirahan na sa Hong Kong ng tuloy-tuloy sa loob ng hindi bababa sa isang taon agad-agad bago ang petsa ng aplikasyon (kung wala sa Hong Kong ng hindi lalampas sa 56 na araw sa panahon ng isang taong palugit, ituturing ito na paninirahan sa Hong Kong);
- ✚ kailangang mayroong kita at ari-arian na hindi lalampas sa mga sumusunod na itinakdang hangganan.

	Walang Asawa	Mag-asawang Kasal
Kabuuang Kita Kada Buwan	\$6,880	\$10,940
Kabuuang Halaga ng mga Ari-arian	\$193,000	\$292,000

- Kabilang sa “Kita” ang mga sahod mula sa pagka-empleyo; kita mula sa mga gawaing-kamay, negosyo, at iba pa (kasama na ang mga suweldo, sahod, buwanang komisyon o mga tinanggap na bonus, at buwanang kita mula sa pag-empleyo sa sarili), mga benepisyo/pensyon mula sa pagreretiro; at netong kita mula sa mga nakolektang renta. Ang mga kontribusyon mula sa mga miyembro ng pamilya, mga kamag-anak o mga kaibigan, at mga buwanang bayad na tinanggap mula sa mga sistemang may kaugnayan sa pagbabalik ng mga sangla ay hindi kasali, subalit ang anumang hindi nagastos at naipong halaga ng mga ipon/hawak na pera na nabuo ay ituturing na mga “ari-arian”.

➤ Kabilang sa mga “Ari-arian”⁽¹⁾ ang lupa at mga okupadong ari-arian na hindi may-ari ang nakatira⁽²⁾, hawak na pera, mga ipon sa bangko, mga pinamuhunanan sa mga sosyo at *stocks* (kasama na ang mga bono, *trust fund* at naipong mga benepisyo mula sa pagreretiro⁽³⁾), sasakyang pinagkakakitaan (halimbawa, taxi at maliit na pampublikong bus) at ang lisensiya nito sa negosyo, at ang mga baras ng ginto at mga gintong barya, at iba pa. Ang ari-ariang may-ari ang nakatira, ang nitse ng kolumbaryum para sa sariling paggamit sa hinaharap, at ang perang halaga ng mga sistema ng seguro, ay hindi kasama.

- (1) Kabilang na iyong nasa Hong Kong, Macau, sa Mainland o sa ibang bansa.
- (2) Tanging ang halaga lamang ng isang ari-ariang residensiyal na siyang pangunahing lugar na tinitirahan sa Hong Kong ang hindi isinasaalang-alang. Ang iba pang mga ari-arian na hiwalay o magkasamang pag-aari ng aplikante at/o ng kanyang asawa ay itinuturing na “mga ari-ariang hindi may-ari ang nakatira” at kailangang isaalang-alang para sa pagtatasa ng mga “ari-arian”.
- (3) Ang naipong benepisyo mula sa pagreretiro ay tumutukoy sa mga benepisyo mula sa pagreretiro na kasalukuyang nasa *Mandatory Provident Fund (“MPF”) Scheme* (mga *Scheme*) o iba pang sistema (mga sistema) ng pagreretiro. Ang tinatantiyang kabuuang halaga ng naturang naipong benepisyo ay batay sa impormasyong nasa pinakahuling *statement* o pahayag (mga pahayag) ng benepisyo na ini-isyu ng katiwala (mga katiwala) ng MPF o ng iba pang katiwala (mga katiwala)/administrador (mga administrador) ng mga sistema ng pagreretiro, o batay sa impormasyong nakuha mula sa iba pang mga kaugnay na dokumento.

✚ kailangan ay hindi tumatanggap ng *Allowance* o Panggastos para sa Pagtanda (*Old Age Allowance*), *Allowance* o Panggastos para sa Kapansanan (*Disability Allowance*) o Komprehensibong Tulong para sa Seguridad Panlipunan (*Comprehensive Social Security Assistance*).

Para sa mga detalye at iba pang mga kriterya para sa pagkakarapat-dapat, sumangguni po sa *website* ng *Social Security Allowance Scheme* (*website* ng SWD: www.swd.gov.hk).